


5

# MAPEH (Arts)

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagpinta ng Landscape



**MAPEH (Arts) – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagpinta ng Landscape  
Ikalawang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Noel G. Sta. Iglesia, Rogelio L. Arabiana Jr.  
**Editors:** Mariel A. Alla, Eden Lynne V. Lopez, Marlito Malinao  
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana,  
Ariel C. Tiston, Nestor A. Castaños Jr.  
**Tagaguhit:** Maria Victoria Bartolini  
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez  
**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico	Raul D. Agban
Arnulfo M. Balane	Lorelei B. Masias
Rosemarie M. Guino	David E. Hermano, Jr.
Joy B. Bihag	Shirley L. Godoy
Ryan R. Tiu	Eva D. Divino
Nova P. Jorge	Jo-Ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**  
**Department of Education – Region VIII**  
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte  
Telefax: 053 – 832 - 2997  
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

## **MAPEH (Arts)**

### **Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagpinta ng Landscape**

## Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Maraming magagandang tanawin ang matatagpuan sa ating bansa dahil mayaman ito sa yamang lupa, yamang dagat at yamang mineral. Kabilang sa mga yamang lupa na maipagmamalaki natin ay ang *Rice Terraces* ng Cordillera na matatagpuan sa bulubundukin ng Cordillera. Marami nang gumagamit ng natatanging ganda ng *Rice Terraces* bilang paksa sa mga likhang-sining. Ang tawag sa likhang-sining na nagpapakita ng likas na tanawain ay *landscape painting*.

Sa araling ito, sabay-sabay nating ipakita ang ating kakayahan at kaalaman tungkol sa *foreground*, *middle ground* at *background* (A5PR-IIIf) at inaasahang makamit ang sumusunod na mga layunin:

- a. Naipapakita ang kakayahan at kaalaman tungkol sa foreground, middle ground and background.
- b. Naiguguhit ang magagandang tanawin na makikita sa sarilng pamayanan o kumonidad gamit ang kaalaman sa landscape painting.
- c. Naipagmamalaki ang mga gawang sining.



## ***Subukin***

Tukuyin kung saan ang foreground, middle ground at background sa larawan na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



# Aralin

## 5


# Arts: Pagpinta ng Landscape

Sa pagguhit o pagpipinta ng isang landscape, mahalagang hatiin ang larawan sa tatlong bahagi- ang foreground o ang pinakaharap na bahagi, middle ground o ang bandang gitnang bahagi, at ang background o ang pinakalikurang bahagi ng larawan.



## *Balikan*

Tingnan ang larawan na nasa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Tanong:

1. Ano ang larawang ito? \_\_\_\_\_
2. Mahalaga ba ang kulay sa paggawa ng likhang-sining? Ipaliwanang ang sagot?

---

---



## ***Tuklasin***

- A. Tingnan ang larawan na nasa ibaba. Sa larawang ito, may tinatawag na foreground, middle ground at background. Ituro kung aling parte ng larawan ang foreground, middle ground at background?



- B. Lagyan ng Tsek (/) ang patlang sa ibaba ng larawan na nagpapakita ng paggamit ng Complementary Colors sa pagpinta ng landscape at ekis (x) kung hindi.



a. \_\_\_\_\_



b. \_\_\_\_\_




## ***Suriin***

Ang likhang sining na nagpapakita ng likas na tanawin ay tinatawag na landscape. Sa pagguhit o pagpipinta ng isang landscape, mahalagang hatiin ang larawan sa tatlong bahagi- ang foreground o ang pinakaharap na bahagi, middle ground o ang bandang gitnang bahagi, at ang background o ang pinakalikurang bahagi ng larawan. Karaniwang pinakamadilim ang kulay ng nasa foreground, habang pinakamatingkad ang nasa middle ground at mapusyaw ang nasa background.

Ang sining ng pagpinta ay nakatutulong upang maipahayag ang pagiging malikhain sa pagpapakita ng value sa pagkulay. Ang value ay sangkap ng kulay na tumutukoy sa kapuswayan at kadiliman nito. Ang bahagi ng larawan na maliwanag ay may mapusyaw na kulay subalit ang malalayong bagay at di-naabot ng sinag ng araw ay may madilim na kulay. Sa pamamagitan ng value sa pagkulay nagiging makatotohanan at maganda ang larawan.

Sa pagguhit, kailangang bigyan ng pansin ang tamang laki ng mga bagay-bagay at paglalagay ng foreground, midde ground at background upang magkaroon ng balance at proporsyon ang dibuho. Ang pigura ng tao ay mas maliit kung ikukumpara mo ito sa bahay at gayon din sa mga puno kung titingnan sa aktwal na larawan. Kung gusto mong magmukhang malayo sa paningin ang mga bagay na iguguhit gawing mas maliit ang pagkakaguhit nito kumpara sa mga bagay na dapat makita sa malapit.

Lahat ng makikita natin sa paligid ay may iba't ibang kulay. Ang kulay ang siyang nagpapatingkad o nagbibigay-buhay sa ating kapaligiran. Bukod sa kagandahang naidudulot ng mga ito, mayroon din itong kahulugang ipinapahiwatig. Ang mga kulay ay nakakatulong din sa pagpapahayag ng damdamin. Ang mga maiinit na kulay tulad ng pula, dalandan, at dilaw ay nagpapahiwatig ng kasiyahan at kaganyakan, Ang mga kulay ring malalamig tulad ng bughaw at lila ay nagpapagaan ng pakiramdam. Ang matitingkad na kulay ay maaring gawing madilim o mapusyaw o malamlam. Nagagawang madilim ang matitingkad na kulay kung ito ay dinaragdagan ng itim habang puti naman ang idinaragdagan upang maging mapusyaw ang kulay.





Upang maipakita ang illusion ng larawan dapat na lakihan ang pagkakaguhit ng mga bagay na nasa malapit at maliit naman ang pagkakaguhit ng mga bagay na nasa malayo. Ang kalaman sa paggamit ng tamang kumbinasyon ng mga kulay ay nakakatulong upang maipakita ang klima o kaya oras at maging panahon na naipapakita sa ipinintang larawan.



## *Pagyamanin*

### **GAWAIN 1**

Ipakita ang iyong kakayahan at kaalaman tungkol sa landscape painting sa pamamagitan ng pagkilala kung saan ang foreground, middle ground at background sa larawan na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_

## GAWAIN 2

Iguhit sa loob ng kahon ang isang magandang tanawin sa iyong sariling pamayanan o komunidad na naayon sa iyong sariling likha na nagpapakita ng foreground, middle ground at background. Puedi mo itong ilagay sa isang bond paper or oslo paper. Suriin ang ginawang likhang-sining at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubric na nasa pahina 8.



## GAWAIN 3

Paano mo maipagmamalaki ang mga gawaing-sining ng ating mga ninuno? Ipaliwanag ang sagot. Suriin ang ginawang sanaysay at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubric na nasa pahina 8.

---

---

---



### ***Isaisip***

Ang natutunan ko sa araling ito ay \_\_\_\_\_

Napag-isip ko bilang isang mag-aaral na maari nating maipagmalaki ang mga gawaing sining ng ating mga ninuno sa pamamagitan ng


---

---



## ***Isagawa***

Ipakita ang iyong kakayahan at kaalaman tungkol sa landscape painting sa pamamagitan ng pagguhit at pagpinta ng kinagigiliwang tanawin sa inyong pook gamit ang iyong kaalaman tungkol sa foreground, middle ground at background. Maaaring gumamit ng dry medium (crayons/pastel/colored pencil) o wet medium (water color) na pangkulay. Puedi mo itong ilagay sa isang bond paper or oslo paper. Suriin ang ginawang likhang-sining at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubric na nasa pahina 8.





# Tayahin

I. Tukuyin ang tamang sagot na nasa kahon at isulat ito sa sagutang papel.

Foreground	Background
Landscape Painting	Middle Ground

- \_\_\_\_\_ 1. Ito ang pinakamapusyaw na bahagi ng larawan.
- \_\_\_\_\_ 2. Ito ang pinakamadilim na bahagi ng landscape.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang gitnang bahagi ng isang painting.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang tawag sa likhang sining na nagpapakita ng likas na tanawin.
- \_\_\_\_\_ 5. Ito ang pinakamatingkad na bahagi ng landscape painting.


II. Sagutin ng Tama kung wasto ang pangungusap at Mali kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 6. Ang background ay may pinakamatingkad na kulay.
- \_\_\_\_\_ 7. Ang pagpipinta ng landscape ay nahahati sa tatlong bahagi.
- \_\_\_\_\_ 8. Ang foreground ang may pinakamadilim na kulay.
- \_\_\_\_\_ 9. Ang may pinakamatingkad na kulay ay ang middle ground.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang foreground ang pinakalikurang bahagi ng larawan.

III. Piliin ang larawan na nagpapakita sa tamang detalye base sa tatlong bahagi ng landscape: foreground, middle ground at background. Isulat sa sagutang papel ang titik sa tamang sagot.



A



B



## ***Karagdagang Gawain***

Sumangguni sa iyong iginuhit/ipinintang larawan sa “Isagawa”. Ilahad ang iyong sariling opinyon kung papaano mo maipagmamalaki ang kinagigiliwang tanawin sa inyong pook na iyong iginuhit/ipininta?

---

---

Rubrik para sa Gawain 2: Pagguhit/Pagpinta ng Likhang-Sining

Mga Sukatan	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang	Hindi nakasunod sa pamantayan
	5	4	3
1. Nakasunod ako nang tama sa mga hakbang sa paggawa ng likhang-sining.			
2. Malinis at maayos ang pagkakakulay sa likhang sining.			
3. Nagamit ang mga teknik ng shading at color harmony upang makalikha ng landscape painting.			
4. Nailigpit ko ang mga ginamit sa pagbuo ng likhang-sining.			

Rubrik sa Gawain 3: Paggawa ng Sanaysay

Pamantayan	5	4	3	Marka
Kalinisan at Kahalagahan	Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan	Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis	Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay	
Istilo	Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa	Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa	Walang kalinawan at pagkamalikhain	
Tema	Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan	Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman	



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subkin</b> 1. Background 2. Middle ground 3. Foreground 4. Background 5. Middle Gound 6. Background</p> <p><b>Balikan</b> Color Wheel. Mahalaga. Dahil ito ay nakapagbibigay ng kakabang ganda sa gawang sining lalo na at ilapat ang iba pang element at prinsipyo sa paggawa ng likhang-sining</p> <p><b>Tuklasin</b> (a) Kaliwang Larawan (x) (b) Kanang Larawan (y)</p>	<p><b>Pagymanin</b> <b>Gawain 1</b> Background Middle ground Foreground</p> <p><b>Gawain 2</b> Sumanguni sa Rubriks</p> <p><b>Gawain 3</b> Sumanguni sa Rubriks</p> <p><b>Isa-isip</b> Mayroong tatlong bahagi ang isang landscape ito ay ang foreground, middle ground at background. Ang foreground ay ang pinakaharap na bahagi, ang middle ground ay ang bandang gitnang bahagi at ang background naman ay ang pinakalikurang bahagi.</p>	<p><b>Isa-isip</b> Ang likhang sining na ito ay nagpapakita ng mga magagandang tanawin sa kalikasan, maaaring kabundukan, dagat, kapatagan o kagubatan at iba pa.</p> <p><b>Tayahin</b> 1. Background 2. Foreground 3. Middle ground 4. Landscape painting 5. Middle ground</p> <p><b>B. 1. Mali</b> 2. Tama 3. Tama 4. Tama 5. Mali</p> <p><b>C. Larawan B</b> <b>Karagdagan Gawain</b> Sumanguni sa Rubriks</p>
---	---	---

# ***Sanggunian***

Juen Jr., E. (2018). *Commons.Wikimedia.Org* . Retrieved from Google:  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Banaue\\_Rice\\_Terraces\\_2.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Banaue_Rice_Terraces_2.jpg).

Katingkaran o Kalamlaman ng Kulay. (n.d.). In *MISOSA Sining Ikalimang Baitang*. .

Honradez, Editha. 2018. "Mapeh Quarter 2 [Autosaved]". *Slideshare.Net*.  
<https://www.slideshare.net/edithahonradez/mapeh-quarter-2-autosaved>.

"Royalty-Free Photo: Landscape Photography Of Rice Terraces During Daytime | Pickpik". 2021. *Pickpik.Com*. Accessed September 17.  
<https://www.pickpik.com/brown-house-rice-terraces-distance-agriculture-asia-cat-34787>.

Rueben Masaya (November 13, 2013) Harvest Scenery in the Philippines. Behance.net  
<https://www.behance.net/gallery/12097453/Painting-Harvest-Scenery-in-the-Philippines>



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)